



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-25 ng Oktubre, 2024

Simula Sabado, Bukas ang 39 na mga Vote Center para sa Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre

Hindi niyo na kailangan maghintay pa hanggang sa Araw ng Eleksyon upang bumoto nang personal. Ang mga botante ay maaaring gamitin ang mabuting benepisyong maagang pagboto sa [39 na mga vote center](#) simula Sabado, Ika-26 ng Oktubre. Matatagpuan ang mga center sa buong county at magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon.

Sa Sabado, Ika-2 ng Nobyembre, [higit sa 200 na mga vote center](#) ang magbubukas araw-araw mula ika-8 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon hanggang sa Ika-4 ng Nobyembre. Sa huling araw ng botohan, Ika-5 ng Nobyembre, lahat ng mga vote center ay magbubukas mula ika-7 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.

Kung plano ninyong bumoto nang personal, maging handa. Basahin ang inyong impormasyon ng botante na pamphlet at markahan ang inyong mga seleksyon sa sampol na balota nang mas maaga. Kapag kayo papasok sa voting booth sa vote center, maaari kayong sumangguni sa inyong mga pagpipilian sa sampol na balota upang maginhawang markahan ang inyong mga seleksyon sa inyong opisyal na balota.

Maaari kayong bumisita sa alinmang vote center sa county. Hanapin ang lokasyon na malapit sa inyo sa [sdvote.com](#).

Pinalitan ng mga vote center ang mga lugar ng botohan at nagbibigay ng mas maraming [serbisyo](#). Maaari kayong:

- Bumoto nang personal o maghulog ng balotang pangkoreo
- Bumoto gamit ang isang accessible na ballot marking device
- Tumanggap ng tulong at materyales sa pagboto sa maraming wika
- Magparehistro upang makaboto o mag-update ng inyong rehistrasyon ng botante at bumoto sa araw din na iyon

Ang mga botante ay maaaring gumamit ng touch screen upang gawin ang kanilang mga seleksyon sa mga [ballot marking device](#). Kapag natapos na, ipi-print ng botante ang opisyal na balota, ire-review ito, ilalagay sa pansikretong takip, at ibibigay sa manggagawa sa botohan para ilagay ito sa loob ng kahon ng balota upang bilangin sa opisina ng Tagapagrehistro. Ang ballot marking device ay hindi nagtatabi, nagta-tabulate o nagbibilang ng alinmang mga boto.



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-25 ng Oktubre, 2024

Tandaan na ang pangangampanya at electioneering sa loob ng 100 talampakan mula sa isang vote center o lokasyon ng opisyal na ballot drop box ay hindi pinapayagan. Kabilang dito ang pagdi-display ng nakikita o naririnig na pagpapakalat ng impormasyon na nagtataguyod para sa o laban sa alinmang kandidato, panukala, o proposisyon sa balota. Dagdag pa rito, ang isang indibidwal ay hindi maaaring magpakalat ng anumang mga petisyon, kabilang ang para sa mga inisyatiba, referenda, recall o mga nominasyon ng kandidato.

Huwag magpahuli! Dahil sa malaking bilang ng mga kontest sa balota, ang proseso ng pagboto ay maaaring maging mas matagal kaysa sa nakasanayan. Inirerekomenda ng opisina ng Tagapagrehistro na gamitin ang mga opsyon sa maagang pagboto upang maiwasan ang mahahabang pila.

Ang mga opsyon ay:

- Bumoto nang personal sa alinmang vote center sa county.
- O botohan ang inyong balota sa pamamagitan ng koreo.
- O ihulog ang inyong selyadong balotang nakalakip sa sobrang pagbabalikan nito at ihulog sa isang opisyal na drop box.

Upang bumoto mula sa inyong tahanan, pirmahan at petsahan ang inyong sobrang pagbabalikan, i-seal ang inyong nakumpletong balota sa loob at ibalik ito sa pamamagitan ng koreo nang nasa oras upang masiguro na darating ito sa opisina ng Tagapagrehistro bago ang Ika-5 ng Nobyembre.

Upang ihulog ang inyong balota, i-seal ito sa loob ng sobrang pagbabalikan at ibalik ito sa isa sa [150 mga opisyal na ballot drop box ng Tagapagrehistro](#). Ang mga secure na stand-alone box ay may logo ng Tagapagrehistro at may kasamang seal ng County at may markang “Opisyal na Ballot Drop Box.”

Humanap ng isang malapit sa inyo sa pamamagitan ng [locator map](#) ng Tagapagrehistro, sa inyong [pamplet ng impormasyon ng botante](#) o online sa [sdvote.com](#). Karamihan sa mga drop box na ito ay available 24/7. Ang iba naman ay nakadepende sa oras ng operasyon ng lokasyon. Tingnan ang oras ng operasyon ng bawat lokasyon bago ibalik ang inyong balota. Lahat ay magsasara sa ika-8 ng gabi, Ika-5 ng Nobyembre.

Kung mas maagang matatanggap ng opisina ng Tagapagrehistro ang inyong balota, mas mabilis itong maproproseso para sa unang paglabas ng mga resulta sa gabi ng eleksyon.



BALITANG PAHAYAGAN

PARA SA AGARANG PAHAYAGAN
Ika-25 ng Oktubre, 2024

Kung naibalik na ninyo ang inyong balotang pangkoreo, maaari ninyong kumpirmahin kung kailan ito natanggap ng opisina ng Tagapagrehistro sa sdvote.com o maaari ninyo itong i-track sa pamamagitan ng U.S. Postal Service sa pamamagitan ng pag-sign up para sa "[Nasaan Aking Balota?](#)".

Matuto nang higit pa tungkol sa pagboto sa Presidensyal na Pangkalahatang Eleksyon sa Nobyembre sa sdvote.com, o tumawag sa (858) 565-5800 o toll-free sa (800) 696-0136.

###

COUNTYNEWSCENTER   